
1

# MUSIC

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Simula, Wakas at Inuulit




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Music1_ Module4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Simula, Wakas at Inuulit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arlene R. Mendita |
| **Editor:** | Jaima J. Pineda, Jean Rarama |
| **Tagasuri:** | Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez, Denis M. Agbayani, Amador C. Cabalonga |
| **Tagaguhit:** | Arlene R. Mendita |
| **Tagalapat:** | Katherine Obrero Cordora, Patson P. Opido |
| **Tagapamahala:** | Benjamin D. Paragas |
| | Jessie L. Amin |
| | Octavio V. Cabasag |
| | Rizalino G. Caronan |
| | Denis M. Agbayani |
| | Romel B. Costales |
| | Rodrigo V. Pascua |
| | Amador C. Cabalonga |
| | Maria Cristina A. Acosta |
| | Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:

## Simula, Wakas at Inuulit

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# ***Alamin***

Ang modyul na ito ay naihanda upang makilala ang anyo ng musika. Kailangang alam natin ang simula, wakas at bahaging inuulit ng napakinggang tugtog o awit.

Sa pamamagitan ng mga kasanayan sa Modyul na ito, inaasahang makikilala mo ang **simula, wakas** at **inuulit na bahagi** ng isang awit o napakinggang musika.


Pagkatapos ng mga kasanayan sa modyul na ito, inaasahang:

- Makikilala ang simula, wakas, at inuulit na bahagi ngnapakinggang tugtog. (Q2/Wk5-MU1FO-11d-1)

# *Subukin*

**Gawain 1**

Basahin o awitin:



"Ti-ti-laok"

Ti-ti-laok sabi ng manok

Gising, gising batang tulog

Ang araw ay sumisikat

Ang bulaklak ay namumukadkad.

*(Bumalik sa linyang may guhit.)*

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang simulang linya ng awit?
   a. Ang araw ay sumisikat
   b. Ti-ti-laok sabi ng manok
   c. Ang bulaklak ay namumukadkad

2. Alin naman ang bahaging inuulit?
   a. Ti-ti-laok sabi ng manok, Gising, gising batang tulog
   b. Ang bulaklak ay namumukadkad
   c. Ang araw ay sumisikat

3. Ang wakas ng awit ay?



a. Ang bulaklak ay namumukadkad

b. Ang araw ay sumisikat

c. Gising, gising batang tulog



## *Balikan*

Gumuhit ng masayang mukha () sa patlang kung ang mga linya aymagkapareho ang tono at malungkot na mukha () naman kungmagkaiba ang tono. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

__1. Ako ay maliit na pitsel
Hetong hawakan at heto ang bibig.

__2. Ako ay maliit na pitsel
Kapag ako’y puno na ng tubig.

__3. Twinkle, twinkle little star Up above the world so high.

__4. Up above the world so high
Like a diamond in the sky.


__5. Natutulog
Natutulog

Aralin 1

# Simula, Wakas at Inuulit

## *Tuklasin*

Pakinggan o awitin mo ang “Sa Bukid”.



**“Sa Bukid”**

(Tono: Old Mac Donald has a Farm)

Linya 1 Si Mang Pedro ay may bukid e,i,e,i,o
Linya 2 Sa bukid niya ay may baka e,i,e,i,o
Linya 3 Ma-ma-dito, ma-ma doon
Linya 4 Ma-ma-ma-ma-ma-ma.
Linya 5 Si Mang Pedro ay may bukid e,i,e,i,o.

i. Sa simula ng awit, sino daw ang may bukid? _____
ii. Ano ang linyang naulit? ___
iii. Anong mga titik ang binanggit sa wakas ng awit? _
iv. Anong naramdaman mo habang umaawit? _
v. Paano mo aalagaan ang iyong alagang hayop? ___

## *Suriin*


Alam mo ba na ang lahat ng ating ginagawa ay may simula at wakas? Katulad ng isang awit, ito ay may **simula** na makikita sa **unang linya ng awit**. Ito rin ay may **wakas** na makikita sa **huling linya ng awit**. Minsan may bahagi din ang isang awit na **inuulit**.

## *Pagyamanin*

Narito ang ibat-ibang kasanayan upang lubos mong maunawaan angaralin.

**Gawain 1**

Awitin ang “Leron Leron Sinta”. Maaari mong itong awitin kasama angmga kasama sa bahay.





**"Leron- Leron Sinta"**

Leron leron sinta
Buko ng papaya
Dala-dala'y buslo,
Sisidlan ng sinta
Pagdating sa dulo
Nabali ang sanga
<u>Kapos kapalaran</u>
<u>Humanap ng iba.</u>

Muling awitin ang bahaging may guhit.
Awitin muli ang awit. Itaas ang mga kamay sa pagsisimula ng awit. Iindayog ang katawan sa bahaging inuulit at yumuko sa katapusan ng awit.

**Gawain 2**

Iguhit sa patlang ang  kung ito ay simula,  kung inuulit at  kung wakas ng awit. Gawin ito sa sagutang papel.

_____1. Bayang magiliw

_____2. Titilaok sabi ng manok, Gising-gising batang tulog

_____3. Sa paligid-ligid ay puno ng linga.

_____4. Ako ay may lobo

_____5. Humanap ng iba

**Gawain 3**

Ang bawat linya ng awit ay mula sa mga kilalang awit at nursery rhymes. Isulat ang **S** kung simula, **W** kung wakas at **IN** kung inuulit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mamatay nang dahil sa yo

2. May tatlong bibe

3. Twinkle, twinkle little star How I wonder what you are.

4. A,B,C,D,E,F,G


5. Bahay kubo

## ***Isaisip***:

Saan makikita ang simula ng awit? Saan naman makikita ang wakas? Lahat ba ng awit ay may inuulit na bahagi? Tandaan: Ang isang awit o tugtog ay may simula, ito ay makikita sa unang linya. Ang wakas ay makikita sa huling linya at kung minsan may bahaging inuulit ang isang awit.

## ***Isagawa***

Isulat sa inyong sagutang papel ang awiting “Tatlong Bibe”. Bilugan ang simula ng awit, guhitan ng pahiga ang inuulit na linya at ikahon ang wakas ng awit.



**,“Tatlong Bibe”**

May tatlong bibe akong nakita
Mataba, mapayat mga bibe
Ngunit ang may pakpak
sa likod ay iisa
Siya ang lider na nagsabi ng
Kwak-kwak
Kwak-kwak-kwak (ulitin)
Siya ang lider na nagsabi ng kwak, kwak.

## *Tayahin*

Isulat ang **A (**nakatayo) kung ang linya ng awit ay simula, **B (**pumapadyak**)** kung inuulit at **C** (nakaupo) kung katapusan ng awit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**A** **B** **C**

1.  Leron-leron sinta

2.  Siya ang lider na nagsabing kwak, kwak

3.  E,i,e,i,o

4.  Ti-ti-laok sabi ng manok

5.  Kapos kapalaran, humanapng iba.

## *Karagdagang Gawain*

Isulat sa sulating papel ang simulang linya, inuulit na linya at wakas ng linya ng awit na “Leron Leron Sinta”.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1.b
2.a
3.c

**Balikan**
1.☹
2.☺
3.☹
4.☺
5.☺

**Tuklasin**
1.Si Mang Pedro
2.a. Si Mang Pedro ay may bukid e,i,e,I,o
b.Linya 1 at Linya 5
3.e,i,o
4.masaya(depende sa sagot ng bata)
5.pakainin, paliguan (tanggapin ang iba pang sagot)

**Gawain 1**
Isasagawa ng bata

**Gawain 2**
1.☆
2.♡
3.△
4.☆
5.△

**Gawain 3**
1.W
2.S
3.In
4.S
5.S

**Isagawa**
May tatlong bibe akong nakita

Kwak,kwak,kwak (Ulitin)

Siya ang lider na nagsabi ng kwak,kwak

Tayahin
1.A
2,C
3.B
4.A
5.C

**Karagdagang Gawain**
Leron leron sinta - Simula

Kapos kapalaran – Inuulit
Humanap ng iba

Humanap ng iba - Wakas

## *Sanggunian*


K to 12 Teacher's Guide in Music and Arts Grade 1: Department of Education. 2012.

K to 12 Learner's Materials in Music and Arts Grade 1 Music Teacher's Guide: Department of Education. December 11, 2015.

Revised MELC for Music Grade 1: Department of Education. 2012.

"Sa Bukid" (Tono: Old Mac Donald has a Farm) https://youtu.be/dpnUYVezBVw

"Leron Leron Sinta". https://youtu.be/firHRhLsprc

"Tatlong Bibe". https://youtu.be/lJCSu8RmSjE

"Titilaok".https://youtu.be/HZCCo0qLJpI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph